1

"No, no, no, Papa!" mariing tanggi ni Erica Abesamis sa pakiusap ng kanyang amang si Don Antonio.

Kumunot agad ang noo ng don.

"Hindi pa ako sawa sa buhay-dalaga," patuloy naman niya. "At kung sakali namang magdesisyon akong mag-asawa, it would be to a man of my own choice. Hindi sa lalaking pinili ninyo para sa akin for the purpose of further enriching the Abesamis coffers. At lalong hindi kay Regis Torreda."

Ang Regis Torreda na tinutukoy ng kanyang ama ay ang may-ari ng *RCT Enterprises* na binubuo ng iba't ibang negosyo na pag-aari ng thirty-two years old na negosyante. Umiikot ang mga iyon sa construction, shipping and cargo forwarding, telecom at real estate development.

"Why? What's wrong with my choice?" tanong nito in an indignant voice. "Okay, Regis may not be from a buena familia like us pero, hija, a joint venture with him, whether business or personal would be very advantageous."

"Siya ang rising star, ang boy wonder ng Asian

business world. Lahat ng negosyong hawakan o umpisahan niya ay kumikita. I tell you, hija, kapag pinakasalan mo siya, magiging maganda at magaang ang buhay mo."

"Only a hardened businessman like you would call marriage a joint venture," sarcastic na comment niya. "Papa, huwag na nating pagtalunan ito rito sa opisina. Sawang-sawa na ako sa topic na ito dahil pati si Mama, wala nang bukambibig kundi ang magagandang katangian ni Regis. So please lang, tigilan na ninyo ako."

Napailing ang don. "Alam mo, hindi kita maintindihan, Erica. Maraming babae riyan na halos magkandarapang makuha si Regis. Pero ikaw, ikaw na ang nilalapitan n'ung tao, ikaw pa ang umaayaw," inis nitong sambit. "Ano pa ba ang hahanapin mo kay Regis? Matalino, responsable, at mayaman," pag-iisa-isa nito sa mga katangian ng binata.

"Okay, since nagpupumilit kayong malaman ang dahilan kung bakit ayaw ko kay Regis, then I will tell you," napupunong sabi niya. "I don't like him dahil kayo ang pumili sa kanya at hindi ako. Ayokong magaya sa inyo ni Mama na nagpakasal dahil 'yon ang kagustuhan ng mga magulang ninyo."

"Well, tingnan mo kung nasaan na kayo ngayon.

Abala sa kanya-kanyang buhay. Magkasama nga sa iisang bubong, sa iisang kuwarto, yet you hardly know each other. Nagtataka nga ako kung bakit patuloy pa rin kayong nagsasama when it's obvious that you don't love each other."

"At sino ang gusto mong gayahin?" galit na balik ng ama. "'Yong Tiya Isabel mo who married for love? Sige, tingnan mo kung nasaan na siya ngayon. Apat na beses nang ikinasal. And everytime na ikakasal ay sasabihin na 'I am in love and this time it's forever,'" panggagaya nito sa nag-iisang kapatid na babae. "Okay. Aminado ako na hindi kami nagmamahalan ng iyong mama, pero may respeto sa relasyon namin kaya hanggang ngayon ay magkasama pa rin kami," pangangatuwiran pa nito bilang depensa.

"Well, things might have worked with you and Mama in your own way, pero ayoko pa rin ng ganoong klase ng buhay. "I want passion, I want fire, I want love in my life," maarteng sambit niya. "At sa tipo ni Regis Torreda, parang hindi ko makukuha ang mga 'yon, eh. Parang yelo sa lamig ang taong 'yon," angal ni Erika.

"Ah, bahala ka na nga sa buhay mo!" inis na sigaw ng kanyang ama, sabay taas ng kamay. "Mana ka talaga sa Tiya Isabel mo, matigas ang ulo. Pero ito

ang tatandaan mo, huwag kang lalapit-lapit sa akin na umiiyak kapag niloko ka ng lalaking mapipili mo," babala nito.

Napangiti ang dalaga. For the first time in months ay gumaan ang loob niya dahil nakumbinsi na rin niya sa wakas ang ama na tigilan na ang pakikialam sa love life niya.

"Teka nga, bakit ka nga pala nagpunta rito? Don't tell me nag-resign ka na sa trabaho mo bilang illustrator sa *Animated, Inc.* Not that I think your job is a serious one," dugtong pa nito.

"No, Papa, hindi pa ako nagre-resign, absent lang ako," paliwanag ni Erica. "Kaya ako pumunta rito ay dahil gusto kong ipaalam sa 'yo that I cannot join Regis tonight sa party welcoming him as the new president of the *Makati Business Club*."

"What?" galit na tanong ng ama. "But you agreed last week. Marami na ang nakakaalam na ikaw ang magiging partner niya mamayang gabi. They'll be talking about it—about him—if you don't show up as his partner tonight. Isa pa, saan pa makakakuha si Regis ng pampalit sa 'yo at this late hour?" galit na tanong nito.

"Eh, di doon sa mga babaeng nagkakandarapa

na makuha siya," pilyang sagot niya.

"At saan ka naman pupunta mamaya kung hindi ka sasama kay Regis sa party?" tanong pa rin nito, matalas ang tingin sa kanya.

"Makikipagkita ako kay Frances," tugon niya. "May problema raw siya at kailangan niya ang tulong ko." Ang tinutukoy niya ay si Frances Macasaet, matalik niyang kaibigan simula noong bata pa siya.

Kamamatay lang ng papa ni Frances last year, at naiwan na lamang dito na kapamilya ay ang ina nito na tinatawag niyang "Tiya Aida" kahit hindi naman ito kamag-anak ng pamilya.

"I-cancel mo ang meeting na 'yan with Frances," utos nito. "Nauna si Regis na nakipag-set ng date with you tonight, so dapat i-honor mo 'yon."

"Papa, I have no time to argue with you. Basta pakisabi na lang kay Regis na hindi ko siya puwedeng samahan mamayang gabi, okay?" stubborn niyang anas.

"Bakit ako pa ang magsasabi? Why don't you tell him yourself?" nakangiting balik nito, sabay turo sa direksyon ng pinto ng opisina.

Nagmamadali naman siyang umikot sa

kinauupuan niya, then promptly fell off her chair nang makita niya ang binata.

"Are you hurt?" nag-aalalang tanong ni Regis habang inaaalalayan siya nitong tumayo.

"I am fine," sagot niya in a husky voice habang titig na titig dito.

"Iwan ko muna kayo para maipaliwanag mo nang maayos kay Regis kung bakit iindyanin mo siya mamayang gabi sa party," sabi ng kanyang papa bago lumabas ng opisina nito.

Tumaas naman ang kilay ng binata. "Hindi ka pupunta sa party mamayang gabi?" tanong nito in that soft, controlled, husky voice of his.

"Ah, kasi, kasi, k-kasi..." Napalunok si Erica, hindi matandaan ang dahilan kung bakit hindi siya makakapunta sa party mamayang gabi.

Hindi ito gaanong guwapo, but there was something about him that commands respect, exudes authority, and catches the eyes and ears of men and women alike.

Maugong sa business world ang legendary determination and drive nito na makuha ang lahat ng naisin. At sa pagkakataong iyon, ang determination

at drive na iyon ay naka-focus sa isang bagay—ang makuha siya, ang makasal sila.

Hindi alam ng babae kung paano niya nakuha ang atensyon ng binata. She was pretty enough, pero alam niyang maraming mas magaganda pang mga babaeng umaali-aligid dito.

Imposible ring ang kayamanan ng mga Abesamis ang habol ni Regis dahil at the age of thirty-two ay triple na ang yaman nito sa kanyang pamilya.

Mas lalo namang hindi dahil in love ito sa kanya dahil mukhang hindi ito ang tipo ng lalaki na mai-in love.

He looked so tough and so hard, a cold-blooded businessman to the core with ice running in his veins. Ito ang tipo ng lalaki na ayaw niyang makarelasyon.

Pero kahit anong pigil ni Erica sa sarili, sa tuwing makikita ito ay naglulundagan ang kanyang mga pulso, bumibilis ang tibok ng puso, at bumibilis ang daloy ng dugo sa kanyang mga ugat.

He also turned her into a nervous wreck kung kaya kung anu-anong minor accidents ang nangyayari sa kanya sa presence nito. Tulad na lamang ng pagkahulog niya sa silya kanina.

True, the man seemed to arouse her passion. Pero siya, mukhang walang naa-arouse dito dahil wala siyang nakikitang pagbabago sa kilos nito sa mga pagkakataong magkasama sila.

Iyon ang isa pang dahilan na ayaw niya rito. Ayaw niya ng one-sided love affair.

"Mukhang hindi ganoon kaimportante ang rason mo kaya ni hindi mo matandaan," sabi ng kaharap makalipas ang ilang sandali na hindi pa rin siya sumasagot. May bahagyang ngiti sa mga labi nito.

"Importante," ang tanging nasabi niya. Then every thought fled her mind when he cupped her face with his hands.

Then he kissed her. It was not their first kiss, pero every time na hinahalikan siya ni Regis ay nagugulat pa rin siya sa init ng mga halik nito considering na ang impression niya ay mas malamig pa ito sa yelo.

"You will come with me," sabi nito nang pakawalan na ang mga labi niya, looking intently at her slightly swollen lips.

Di na makapag-isip si Erica. Talagang sa tuwing kasama niya ito ay nawawalan siya ng abilidad na makapag-isip. "Y-yes," pagsang-ayon na lamang niya.

Ngumiti ito, satisfaction written all over his face.

Napakapit naman siya sa braso nito dahil kamuntik nang bumigay ang legs niya nang makita ang ngiting iyon ng binata.

"Good. I will pick you up at six," bilin nito habang iginigiya siya palabas ng opisina.

"P-pero... p-pero..." Magdadahilan sana siya, ngunit napipi na naman siya nang halikan siya nitong muli sa labi. "Six p.m.," pagsang-ayon niya nang muli siyang pakawalan nito.

Bumukas ang pinto ng elevator at sumakay na siya. By the time na makalulan na siya sa sasakyan niya ay bumalik na ang katinuan ng kanyang isip.

You're a spineless idiot! Hinalikan ka lang, nginitian ka lang, nakalimutan mo na lahat ng rason na pinraktis mo kanina! kastigo niya sa sarili. "Have to call Frances," bulong niya sa sarili pagkatapos habang kunot-noong minamaneho ang kotse.

"Ano? Na-convince mo ba si Erica na um-attend sa party mamayang gabi?" tanong ni Don Antonio kay Regis nang bumalik ito sa opisina at makitang wala na si Erica roon.

"Erica needed no convincing," sagot niya. "She just needed to be reminded of what's important."

Kumunot ang noo nito. "Desidido ka ba talagang mapangasawa si Erica?" tanong nito matapos maupo.

"Oo," simple niyang sagot. "Bakit?"

"Kasi, mukhang desidido ang anak ko na hindi ka mapangasawa."

"Sinabi niya 'yan sa 'yo?" taas-kilay na paniniguro ni Regis.

Tumango si Don Antonio. "Ayaw niya raw sa 'yo."

"Sinabi rin ba niya kung bakit ayaw niya sa akin?" interesadong tanong niya.

" 'I want passion, I want fire, I want love in my life,' " panggagaya nito sa anak. "Eh, wala ka raw ng mga 'yon."

Biglang nagliwanag ang mga mata ni Regis. "So, that's it," tanging sabi niya.

"Hay, mga babae," singhal naman ng don. "Wala nang inisip kundi love, love, *love*. Akala niya, mabubuhay siya sa love," dugtong pa nito.

Pero hindi na nakikinig si Regis. Abala na siya sa sariling mga isipin.

"Muntik ko na nga kaninang i-threaten na tatanggalan ko siya ng mana kapag hindi niya tinanggap ang alok mong kasal," rebelasyon ng matanda.

Mabilis at mainit ang reaksyon ng binata. "Don't do that. Don't ever, ever threaten her into marrying me. Sooner or later ay mapapapayag ko rin si Erica na magpakasal sa akin. But on my own terms, not yours," matigas niyang giit.

Tumaas ang kilay nito, ngumiti nang bahagya. "Don't tell me, Regis, that you are also looking for love in marriage?" sarcastic na puna nito.

"Ikakasal kami ni Erica," giit niya, with a determined look in his eyes.

"Hello, Frances, si Erica ito," bati niya sa kaibigan over the phone. "Hindi ako puwede mamayang gabi, may kompromiso ako na hindi ko matakasan. Puwede bang bukas na lang tayo magkita?"

"Tomorrow may be too late, Erica," nagpa-panic na sambit nito.

"Frances, seryoso ka ba?" paniniguro niya dahil kilala niya itong mahilig magbiro.

"Seryoso ako, Erica," tugon nito ina quiet but firm voice. "I have to see you tonight. Anong oras matatapos ang kompromiso mo? Can you leave early?"

"Sige, gagawa na lang ako ng paraan para makatakas nang maaga. Saan at anong oras tayo magkikita?"

"Sa *St. Peter's Bar* sa Pasay Road, nine o'clock. Please be there, friend. Ikaw na lang ang malalapitan ko."

"Why don't we meet right now?" tila nag-aalalang tanong niya dahil dinig niya ang takot sa boses ng kaibigan.

"I can't," sagot nito sa garalgal na boses. "Hindi nila puwedeng makita na nagbabago ang routine ko."

"Nila? Sinong nila? Frances, if this is really serious, siguro dapat na tayong lumapit sa pulis," aniya in an urgent voice.

"No police, please, Erica. No police," pakiusap nito sa takot na boses.

"Okay, calm down, no police," aniya sa kalmadong boses, kahit nakakaramdam na rin siya ng takot. Pero hindi na muling nagsalita ang kausap dahil biglang

naputol ang linya. “Frances? Frances?”

Kunot-noong ibinaba niya ang receiver, nag-aalala para sa kaibigan. Gusto niyang puntahan ito para alamin ang kalagayan, pero naalala niyang ayaw pa nitong makipagkita sa oras na iyon.

2

"Let's dance," alok ni Regis nang matapos na ang induction ng bagong officers ng *Makati Business Club* at mag-umpisa na ang sosyalan.

"Sure," pagsang-ayon ni Erica habang abala ang isipan kung paano siya makakaalis nang hindi napapansin ng binata.

"You seem preoccupied," komento nito nang makarating na sila sa dance floor. At dahil slow ang tugtog ay hinapit nito ang kanyang katawan.

As usual, the moment their bodies touched, her internal systems went haywire.

"Erica, may problema? Kanina ka pa tahimik," muling komento ni Regis, nakakunot ang noo.

Umiling siya. "W-wala, w-wala akong... p-problema," putol-putol na sagot niya as she raised her head.

Nagtama ang kanilang mga paningin. And they held. An electricity seemed to pass between them. Lalo pang humigpit ang pagkakahapit nito sa kanyang katawan until his body seemed to have imprinted

itself on hers.

Unfamiliar sensations coursed through her body like lightning. He bent his head. She parted her lips ready to accept his kiss, no longer aware of their surroundings.

"Ah, Regis, Erica, mukhang nag-e-enjoy kayo," malakas at masayang bati ni Don Antonio, sabay tapik sa balikat ng binata.

Para siyang binuhusan ng malamig na tubig nang marinig ang boses ng ama at mabilis na kumawala sa mga bisig ng kasayaw.

For the first time ay nakaramdam siya ng tuwa sa pakikialam ng ama. Kung hindi ito sumingit when he did, God knows kung ano na ang nagawa nila ni Regis right there on the dance floor.

Naramdaman niya ang pamumula ng mukha sa sobrang pagkapahiya. Pero ang hindi niya ine-expect ay ang ginawa ng binata. Hindi niya akalaing magpapakita ito ng display of public... *Affection bang matatawag iyon?* tanong niya sa sarili. *No, it's not more like desire, better yet—lust. Yes, public display of lust,* sagot niya sa sariling tanong.

She was not expecting that from Regis. And looking at him now habang kausap ang kanyang ama,

mukhang he got over quickly whatever he was feeling a while ago dahil kalmado ang boses at kilos nito.

Hindi tulad niya na hanggang ngayon ay damang-dama pa rin ang init ng katawan at mga titig nito.

Ipinilig niya ang kanyang ulo, pilit na ibinabalik ang katinuan ng pag-iisip. Then naalala niya si Frances. Tumingin siya sa kanyang wristwatch.

Mayroon pa siyang twenty-five minutes para makarating sa *St. Peter's Bar* for her meeting with the woman.

"Dito na lang ho, Manong," utos niya sa driver nang makarating na siya sa *St. Peter's Bar* with still five minutes to spare.

Pagpasok niya sa loob ng bar ay iginala niya ang kanyang mga mata sa madilim na paligid, hinahanap si Frances. Nang hindi niya ito makita ay nagpasya siyang puntahan ang kaibigan nilang si Jose na nagtatrabaho roon bilang bartender.

"Jose, napansin mo ba kung dumating na si Frances?" nag-aalalang tanong niya.

"Oo, Miss Erica, kanina pa. May iniwan ngang envelope para sa'yo," sabi nito, sabay kuha ng

envelope sa ilalim ng counter.

"Ang sabi niya magkikita kami rito," anas niya nang maiabot na iyon sa kanya.

"Wala siyang nabanggit sa akin. Basta ang bilin niya, iabot ko raw ang envelope na 'yan sa 'yo, 'tapos umalis na siya," kuwento nito. "Nagmamadali nga, eh. At saka parang may malalim na iniisip. Ni hindi na nakipagkuwentuhan sa akin."

"Pero—" Natigil ang kanyang sasabihin nang maramdamang lumibot ang isang kamay sa kanyang baywang.

"Sino ang imi-meet mo rito?" bulong ni Regis, his mouth pressed near her earlobe, sending shivers down her spine.

"Ano'ng ginagawa mo rito?" gulat na tanong niya, pilit na kumakawala sa yakap nito. Pero lalo lamang humigpit ang hapit nito sa baywang niya.

"Nakita kitang umalis sa party without telling me. I got curious, so sinundan kita," simpleng paliwanag nito. "So, sino ang ka-meeting mo rito?" ulit nito sa naunang tanong.

"Hindi kita asawa, hindi kita boyfriend, hindi kita tatay kaya wala kang karapatang kuwestyunin

ako," naiinis na bulong niya.

"Of course may karapatan ako," pagpupumilit nito. "Ako lang naman ang ka-date mo ngayong gabi, so may karapatan ako na malaman kung bakit mo ako iniwan gayong hindi pa naman tapos ang party."

"Ah, Miss Erica, ginugulo ka ba ng lalaking 'to?" singit ni Jose mula sa kabilang side ng bar, bahagyang nakakunot ang noo.

"O—" Natigil na naman ang sasabihin niya nang maramdamang gumapang paitaas ang kamay ni Regis hanggang halos sapo na nito ang kanyang dibdib.

"Ako si Regis Torreda, ang future husband ni Erica," nakangiting pagpapakilala ng lalaki sa sarili sa bartender.

"Ganoon po ba, Sir? Pasensya na ho sa pakikialam. Kaya lang, akala ko'y kailangan ni Miss Erica ng tulong," magalang na paghingi nito ng dispensa. There was awe sa mga mata ng binatilyong bartender, patunay lamang na namukhaan nito si Regis. "Ah, mag-o-order ho ba kayo, Sir?"

"Not tonight. Sa ibang araw na lang. Mukhang nakuha na ni Erica ang kailangan niya rito," komento nito, napansin ang brown envelope na hawak niya.

Ilang sandali pa ay nasa labas na sila ng bar. Mabilis naman siyang kumawala rito.

"Don't ever do that to me again," galit na sabi niya habang inaayos ang kanyang damit.

"Ang alin? Ang sunduin ka?" painosenteng tanong ni Regis. "'Yan ang nagustuhan ko sa 'yo, Erica. Kakaiba ka sa ibang babae. 'Yong iba, matutuwa sila kapag nalaman nilang interesado ang boyfriends nila sa mga ginagawa nila. Pero ikaw, you want to remain mysterious to me."

"Hindi kita boyfriend. At pagkatapos nang inasal mo ngayong gabi, huwag ka nang umasa pa na maging boyfriend o asawa ko in the future," inis na sabi niya.

"Here's our ride," pahayag nito na para bang wala silang pinagtatalunan nang tumigil ang *Mercedes Benz* nito sa harapan nila.

"Magta-taxi na lang ako," pairap niyang sabi.

"Don't be such a child," saway nito. "Ako ang ka-date mo ngayong gabi, so ako rin ang maghahatid sa 'yo sa bahay mo," giit nito, sabay hawak nang mahigpit sa siko niya.

Since ayaw niyang gumawa ng eksena sa isang public place ay napilitan siyang sumakay sa kotse nito.

"Kanino galing ang envelope na 'yan?" tanong nito nang makaandar na ang kotse.

"Ako na lang ang nakakaalam niyon," pairap pa rin niyang sabi, sabay lapag ng envelope sa upuan sa side na malayo sa binata.

Mabilis naman itong kumilos at kinuha ang sobre. At bago pa man niya iyon mabawi ay nabasa na nito ang pangalan na nakasulat sa labas niyon.

"Hmm... galing kay Frances. She's your best friend, right?"

"Oo," sagot niya in an exasperated voice. "Akin na nga 'yan," sabi ng dalaga, sabay hablot sa envelope mula sa kamay nito.

"Ano'ng laman niyan?" sunod na tanong nito.

"Ang kulit mo!" reklamo niya.

"Erica," sabi nito in a warning voice.

"God, no wonder you're a successful businessman. You're such a bully," angil naman niya.

Natawa lang si Regis sa reklamo niya. "C'mon.

Open the envelope," utos nito.

Sinira niya ang envelope at mula roon ay lumabas ang isang cassette tape. "O 'ayan, masaya ka na ba? Tape, cassette tape ang laman," inis na sabi niya.

Kinuha nito iyon. "Bakit mag-iiwan si Frances ng cassette tape para sa'yo instead of meeting you?" kunot-noong tanong nito.

"Ma at pa," sagot niya. "Malay ko at paki mo," pag-elaborate niya nang makitang hindi nito naintindihan ang una niyang sagot.

"We will listen to it," sabi nito, sabay abot sa driver ng cassette tape. "Nato, patugtugin mo nga ang tape na ito."

Bago pa man makuha ng driver ang tape ay kinuha na niya iyon. "Puwede ba, this could be private stuff," aniya.

"Okay, we will listen to it when we reach your condo unit," mariing sabi nito.

"At sino ang may sabi na papapasukin kita sa unit ko?" nakataas ang kilay na tanong ni Erica.

"Ako," nakangiti nitong sagot.

Nang makita niya ang ngiting iyon ay wala na

siyang masabi.

"Okay, let's play this," sabi ni Regis nang makapasok na sila sa unit niya.

"Totoo nga pala ang mga nabalitaan ko tungkol sa determinasyon mo," naiiling na reklamo niya. "When you want something, you get it through sheer determination and stubbornness," dugtong pa niya habang ipinapasok niya ang tape sa player.

"Keep quiet. Let's listen to Frances' tape," sabi nito, sabay hila sa kanya hanggang sa makaupo na silang dalawa sa sofa.

"*Erica, sorry, hindi ko na nahintay ang nine p.m. meeting natin,"* sabi ng boses ni Frances sa tape, halata ang takot. *"I have to go away, hide from these people who have been following me. Hopefully, mawala ko muna sila before I go to my hiding place. Hindi ko na sasabihin sa 'yo kung saan ako pupunta. What you don't know won't hurt you."*

Nagkatinginan sila ni Regis. Parehong nakakunot ang mga noo nila.

"But I need your help, Erica," patuloy nito... "*Nawawala si Mama, three weeks na. Remember the*

save-the-earth movement na sinalihan niya two months ago? Well, a month ago ay nagkaroon sila ng field trip sa isang island sa Batangas, pasasalamat daw 'yon ng movement sa mga mag-donate sa kanila. Ang paalam ni Mama sa akin ay one week lang ang field trip, pero three weeks na ang lumipas, eh, hindi pa rin siya bumabalik."

Nakita ni Erica ang interes ng lalaki sa mensahe ni Frances dahil pinalakasan pa nito ang volume.

"After the first week na hindi umuwi si Mama ay tinawagan ko ang headquarters noong movement. Ang sabi nila, nag-extend lang si Mama ng stay sa island."

"I tried to get the number there, pero ang sabi sa akin, wala raw linya ng telepono sa isla. At ang dumadaan lang doon na sea vessel ay 'yong yate na pag-aari ng movement. It so happened daw na 'yong yate ay naroon pa rin sa isla dahil hindi pa umaalis ang mga nag-field trip."

"The only way para ma-contact ang isla is through the radio. But when I asked kung puwede magpunta ako sa HQ nila to wait for the radio call, biglang sabi sa akin na nasira daw ang radio equipment nila. I smelled something fishy going on, so I started investigating the movement."

Itinigil ni Regis ang tape. “Seryoso ba ang kaibigan mo?” kunot-noong tanong nito sa kanya.

“Mahilig akong biruin ni Frances in the past, pero tingin ko seryoso siya this time. Iba ang tono ng boses niya, at totoo rin kasi na sumali ang mama niya sa save-the-earth movement na ‘yon,” sagot niya. “I-on mo na nga uli ang player, let’s listen to the rest of what Frances have to say,” naiinip na pakiusap niya.

Na sinunod naman nito.

“That’s when I started feeling that people are following me,” pagpapatuloy ng taped message ng kaibigan. *“Hindi ako sigurado kung sinusundan nga nila ako, pero tiyak ko na hanggang ngayon ay hindi pa rin nakakauwi si Mama sa bahay.*

“I can no longer do the investigation. Kilala na nila ang mukha at boses ko. Please, please, Erica, find my mother for me,” pakiusap nito sa garalgal na boses. “Siya na lang ang pamilya ko. Ayaw kong pati siya ay mawala pa sa akin. And please, Erica, no police. Baka kung ano ang gawin nila kay Mama kapag nalaman nilang involved ang pulis. Erica, please, please, please find my mother for me,” huling pakiusap ni Frances bago natapos ang taped message nito para sa kanya.

“I have to help her, I have to find her mom,”

matapang na sabi niya.

"Paano? Detective ka ba?" sarcastic, pero concerned na tanong nito. "What we have to do is to give this taped message to the police," he suggested.

"Bingi ka ba? Narinig mo ang pakiusap ni Frances, no police daw," paalala niya. "Bukas na bukas din ay pupuntahan ko ang opisina ng save-the-earth movement na 'yon," pagsasatinig niya sa kanyang plano.

"Nasisiraan ka na ba ng bait?" matabang na sita naman ni Regis. "If you do that, di makikilala na rin ng mga taong 'yon ang mukha mo."

"Hindi naman ako tanga, 'no! Siyempre hindi ako pupunta roon para mag-imbestiga," asar na sabi niya. "Pupunta ako roon para sumali sa movement nila," pahayag niya, with a smile on her face sa maganda niyang plano. "Malay mo, maaari rin akong makarating sa island kung saan dinala ng mga environmentalists na 'yon si Tita Aida. What do you think of my idea?" excited pa niyang tanong.

"That's the most hare-brained idea I have heard in my life," galit na sagot ni Regis. "At pinagbawalan kita na pumunta sa HQ ng movement na 'yon," matigas nitong dagdag.

"At sino ka sa buhay ko para pigilan ako, aber?" singhal niya.

Huminga ito nang malalim, halatang kinokontrol ang temper. "Hindi mo ba naiisip na maaring ilalagay mo ang sarili mo sa peligro kapag itinuloy mo ang plano mo?" he tried to reason.

"Ah, basta! Buo na ang isip ko. Sasali ako sa movement na 'yon para mahanap si Tita Aida," pagpipilit niya.

3

Isinuklay ni Regis ang mga daliri ng isang kamay sa makapal at maitim nitong buhok.

“Okay, tayong dalawa ang sasali sa movement na ‘yon,” sabi nito in a resigned voice.

“Huh? Sasali ka rin?” gulat na tanong ni Erica.

“Siyempre. Hindi ako papayag na ilagay mo ang sarili mo sa peligro na nag-iisa ka lang. Sasamahan kita para protektahan ka from your recklessness.”

“Eh, paano ang negosyo mo? Finding Tita Aida could take time, so paano na ang mga responsibilidad mo?” Titig na titig siya sa mukha ng binata.

“Para ano pa na nag-hire ako ng magagaling na managers para magtrabaho sa akin kung hindi ko sila maaasahan at mapagkakatiwalaan sa pagpapatakbo ng mga negosyo ko kapag wala ako?” rhetorical nitong tanong. “Isa pa, mas importante sa akin ang kaligtasan mo kaysa sa mga negosyo ko,” seryoso nitong dagdag, titig na titig din sa kanyang mga mata.

Naramdaman niya ang mabilis na pagtibok ng kanyang puso upon hearing those words. “A-anong

oras tayo pupunta sa headquarters bukas?" tanong niya in a husky voice.

"Huwag bukas," sagot nito. "Ipapa-research ko muna quietly ang background ng movement before we go there para sumali sa kanila. I don't like going into something without knowing anything about it. Mahirap na, baka magkamali tayo ng sagot, mabisto pa nila na iba ang pakay natin sa pagsali."

"Tama ka," tatangu-tangong sagot ni Erica. "I think I'm going to like working with you on this project," excited niyang sabi.

"So, ano ang pangalan ng movement? Para maumpisahan na ng security force ko ang background check bukas."

"Doomsday Movement¸" sagot niya.

Inirolyo nito ang mga mata paitaas. "Oh God, ano ba itong napasukan ko?" ang tanging komento nito. "I feel like I am going to my doom with this project," nadidismaya nitong bigkas.

Sandaling naghari ang katahimikan. And with that, something in the environment changed. They became more aware of each other. There was tension between them.

"I think you'd better go home," sabi niya in a husky voice, sabay tayo.

Pero bago pa siya makalayo ay hinuli ng lalaki ang kanyang kamay at hinila siya hanggang sa mapaupo siya sa kandungan nito.

"I don't think so," tugon ni Regis in an equally husky voice.

All cold reasons were gone from his demeanor. Napalitan iyon ng kakaibang init.

"I think we should talk about what happened earlier sa party," dugtong nito habang malambing na hinahaplus-haplos ang labi niya with one finger.

Tinapik niya ang kamay nito. "Anong nangyari?" painosenteng tanong niya.

Tumaas ang kilay nito at bahagyang napangiti, halatang hindi naniniwala sa kanya. "Hindi mo matandaan? Let me remind you...." anito, sabay yuko upang hulihin ang kanyang mga labi.

Naghugpong ang kanilang mga labi. Malalim, mainit ang mga halik nila sa isa't isa. Ilang sandali pa ay pareho na silang nakahiga sa sofa. Nakapulupot ang kanyang mga kamay sa leeg nito habang patuloy pa rin ito sa paghalik sa kanya.

Then naramdaman niyang ibinaba nito ang shoulder strap ng kanyang gown, exposing her breasts to his eyes and to his touch. He continued to kiss her lips and neck as he gently caressed her breasts.

"Regis," anas niya as he started to rain kisses and nip on her breasts and neck as his hands travelled to her legs.

"I want you," bulong nito in a voice rough with wanting as he slipped her panties down her long, slim legs.

"Oh, yes, Regis, please...." bulong niya sa garalgal na boses as she undulated her hips when he started to caress her feminine core.

Biglang nabasag ang katahimikan sa loob ng unit niya nang tumunog ang buzzer.

"Hell, who could be visiting you at this late hour?" reklamo ni Regis as he helped her fix her gown.

"Baka si Frances," was her shaky answer habang naglalakad siya on equally shaking legs para buksan ang pinto. "Mama! What are you doing here?" bati niya sa ina matapos niyang mapagbuksan ito ng pinto.

"Kagagaling ko lang sa unit ng Tita Wanda mo,"

sagot nito na ang tinutukoy ay ang kaibigan nitong nakatira rin sa parehong condominium building. “Katatapos lang namin mag-mahjong. Pauwi na sana ako nang mapansin kong may ilaw na lumalabas sa pinto ng unit mo.”

“Siyempre, nagtaka ako what you are doing early back home, eh, ang alam ko kasama mo si Regis ngayong gabi sa induction ball,” mahabang paliwanag nito, hindi pa napapansin ang lalaki na bahagyang natatakpan ng pinto ng sala.

“We decided to come home early, Tita Edith,” masayang paliwanag ni Regis mula sa kinatatayuan nito.

Nanlaki ang mga mata ng mama niya nang marinig ang tinig ng lalaki. “Si Regis ba ‘yon?” tanong nito, sabay lakad papasok sa sala. “Ay, hijo! Kung alam ko lang na kasama ka ni Erica dito, then I wouldn’t have disturbed you,” maarteng sambit nito habang hinahalikan ito ni Regis sa magkabilang pisngi.

Napailing na lang siya sa kilos ng ina. Her mother, the ulta-socialite was married to her father, the hardened businessman.

Simula nang magkaisip siya hanggang ngayon na twenty-two years old na siya ay palaisipan pa rin

sa kanya kung paano naipasya ng mga grandparents niya na bagay para sa isa't isa ang kanyang mga magulang.

Kahit noong bata pa siya ay obvious na sa kanya na hindi nagmamahalan ang ina at ama. At bukod pa roon ay magkalayung-magkalayo ang interes ng dalawa.

"Mama, bakit hindi ka sumama kay Papa sa induction ball?" tanong niya rito matapos niyang mai-lock ang pinto.

"Hay, hija! Alam mo namang wala akong hilig sa mga stodgy business parties na 'yan," paliwanag ng ina. "Mas type ko pang mag-mahjong na lang."

Lumapit ito sa kanya at niyakap siya. "Ay, hija! I am so happy that you and Regis are now together," masayang sambit nito. "He will be good for you."

"Mama, we are not together, okay," nanggigil na sagot niya dahil abot-tainga ang ngiti ni Regis.

"If you say so, hija," di-naniniwalang anas ng kanyang ina.

"Hinatid lang niya ako after the party. Bilang pagmamagandang-loob, I offered him some coffee," pagsisinungaling ni Erica.

"How come I don't see any coffee?" mabilis namang balik nito, her eyes twinkling.

"Mama!" nandidilat na sabi niya.

"Ay, ibahin na nga natin ang usapan at baka maunsyami pa ang budding romance ninyong dalawa," pilyang sambit nito. "By the way, hija, have you seen Frances lately?" kunot-noo nitong tanong.

"Hindi po," guarded na sagot niya. "Bakit po, Mama?"

"Gusto ko kasing kumustahin sa kanya si Aida," sagot nito. "Mahigit isang buwan na kasi kaming hindi nagkikita ng Tita Aida mo, eh," paliwanag nito.

Nagkatinginan sila ni Regis. Bahagya siyang umiling para ipaalam dito na huwag banggitin ang tungkol sa pagkawala ni Tita Aida. Ayaw niyang malagay sa panganib ang buhay ng kanyang ina.

Isa pa, sigurado siya na kapag nalaman ng mga magulang ang plano niyang pag-rescue kay Tita Aida, tiyak na pipigilan siya ng mga ito.

"Baka naman abala lang si Tita Aida sa ibang bagay," sabi na lang ni Erica.

"Mukha nga," mataray pa nitong sang-ayon. "Simula nang ma-involve 'yang Tita Aida mo riyan sa

Doomsday Movement, aba, nakalimutan na niya ang mga kaibigan niya!" reklamo nito.

Napalunok siya. "*Doomsday Movement?*" tanong niya.

"Isang save-the-earth movement na galing sa Amerika. Ang totoo niyan, isa ako sa mga inimbitahan ng movement na 'yan para sumali sa kanila kaya lang di ako natuloy kasi ayaw pumayag ng papa mo na mag-donate ng fifty thousand pesos para maging member ako," salaysay nito.

Muli silang nagkatinginan ni Regis at that bit of information.

"Anyway, kapag nakita mo si Frances ay sabihin mo na kinukumusta ko ang mama niya," bilin ng ginang habang papalakad papunta sa pinto. "Pakisabi rin na kung maaari ay tawagan ako ni Aida dahil miss na miss ko na siya."

"Paalis ka na, Tita Edith?" tanong ni Regis.

"Oh, yes, hijo," nakangiti nitong sagot nito as she opened the door. "I don't want to disturb you two lovebirds," pilyang dugtong nito bago isara ang pinto.

"Hindi ko alam kung matutuwa ako o maiinis sa mga magulang mo," naiiling na namang sambit ng

binata.

Napataas ang kilay niya. “What do you mean?”

“Matutuwa dahil boto sila sa akin para maging asawa mo, o maiinis dahil sa sama ng timing nila. Twice this evening, they interrupted us just when things were going good,” reklamo nito.

In spite of herself ay natawa si Erica sa paliwanag nito. “Oh, matutuwa, definitely,” balik niya. “Hindi dahil boto sila sa ‘yo kundi dahil sa galing ng timing nila.”

“So, you think you had two lucky escapes tonight,” nakangiting puna ni Regis.

“Oh, definitely,” masayang sagot niya.

“Don’t you know that the third time is lucky?” pilyong tugon nito.

“Not if I see you coming first,” mabilis pa ring balik niya, nag-e-enjoy sa palitan nila ng salita.

“Then I will have to see to it that you don’t see me coming, don’t I?” nakangiting sagot nito, obvious na nag-e-enjoy rin. Yumuko ito at hinalikan siya, this time ay sa pisngi lang at hindi na sa labi. “I will see you tomorrow evening.”

"Tomorrow evening?" nagtatakang tanong niya. "Para ano?"

"Para mag-dinner."

"Hindi ko natatandaan na niyaya mo akong mag-dinner bukas," nakataas ang mga kilay na protesta ng dalaga.

"Why? Ayaw mo bang marinig ang resulta ng imbestigasyon ko sa *Doomsday Movement*?" pilyong tanong nito.

"Siyempre, gusto ko," mabilis niyang sagot.

"Then I will pick you up here at seven p.m.," mariin nitong sagot.

"Okay," masama ang loob na turan niya. Naisahan na naman siya ng lalaki.

Malayo na ang itinakbo ng sasakyan ni Regis ay hindi pa rin mawala ang ngiti sa mga labi niya. He was truly enjoying himself.

Tama ang una niyang assessment sa dalaga, kakaiba ito sa lahat ng babae na nakilala niya.

Sa tuwing kasama niya ito o di kaya sa tuwing maiisip niya ito ay maraming bagay ang naa-arouse sa

kanya. Of course naroon ang matinding pagnanasa na ngayon lang niya naramdaman para sa isang babae.

Kahit sa una niyang asawa ay di niya naramdaman iyon.

But Erica aroused other feelings in him, like his protective instincts. Napakunot ang noo ni Regis when he realized that his first wife did not arouse such feelings in him.

Then napangiti siyang muli dahil naisip niya na sandali na lang at tiyak niyang mahuhulog na ito sa kanya.

Kaunting panahon na lang at makukuha na niya ang pag-ibig ni Erica. Bigla siyang napasimangot.

What do I need her love for when I don't even believe in love? naguguluhang tanong niya sa sarili. *Ah, yes, I want her to fall so deeply in love with me na hindi na maiisipan pa ni Erica na maghanap ng iba because I don't love her,* pangungumbinsi niya sa sarili.

"So, ano na ang resulta ng imbestigasyon na ginagawa ng mga tao mo tungkol sa *Doomsday?*" tanong ni Erica kay Regis nang sumunod na gabi matapos nilang mag-dinner.

Pauwi na sila sa kanyang unit at di na siya makapaghintay sa ibabalita ng binata dahil all throughout dinner ay hindi nito binanggit ang tungkol sa *Doomsday Movement*.

"Erica, kakaumpisa pa lang ng mga tao ko na imbestigahan ang *Doomsday,* so natural, wala pang resulta," exasperated na sagot nito. "Let's give them a few days to work on it, okay?"

Huminga siya nang malalim, pilit na kinokontrol ang kanyang impatience dahil gusto na niyang umpisahan ang paghahanap kay Tita Aida. Pero naiintindihan niya ang pag-iingat na ginagawa ni Regis.

"Okay," mabigat sa loob na pagsang-ayon niya.

Pagdating nila sa condominium kung saan siya nakatira ay nagmamadali siyang bumaba ng kotse para hindi na ito sumama pa sa unit niya at baka ano pa ang mangyari.

"Erica, wait!" nagmamadaling habol ni Regis. "Puwede bang makigamit ng rest room?"

"Sure," napipilitang sagot niya, pagkatapos ay tahimik na silang pumasok sa condominium at sumakay sa elevator.

Pagdating nila sa unit niya ay dumerecho na ito sa rest room. Paglabas nito ay nakaabang na siya sa pinto.

"Mabuti pa, umuwi ka na. Gusto ko nang matulog, eh. Gigising pa ako nang maaga bukas," pagdadahilan ni Erica para hindi na ito magtagal pa roon.

"Tomorrow is Saturday at alam kong wala kang pasok sa office kapag Sabado, so you don't ahve to wake up early," nakangising paalala nito habang naglalakad papalapit sa kanya.

Nakaramdam siya ng kaba sa expression sa mukha ni Regis. Mukhang tototohanin nito ang plano na magtabi sila.

Napalunok siya. Gusto niyang tumakbo para magkulong sa kanyang kuwarto dahil alam niyang wala na siyang lakas para labanan ang nararamdaman niya para kay Regis. But that would be a sign of cowardice. At hindi siya ang tipong tumatakbo sa labanan.

"Mag-o-overtime ako," matapang na pagsisinungaling niya.

Ngumiti lang ito, pero patuloy pa rin ang paglapit sa kanya.

Nang ilang hakbang na lamang ang layo nito sa kanya ay tuluyan na siyang nawalan ng tapang. Tumakbo na siya papunta sa kanyang kuwarto para maiwasan ito.